# KAPASIYAHAN BLG. 2023-83

**"NAGPAPATIBAY SA LOCAL SHELTER PLAN NG BUSTOS, BULACAN PARA SA TAONG 2023-2025."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pagawaing Bayan, Pagamit ng Lupa at Pabahay**

---

**SAPAGKA'T,** ang Local Shelter Plan ay isang malawakang estratehiya na binuo ng Lokal na Pamahalaan ng Bustos, Bulacan upang tugunan ang pangangailangan sa pabahay;

**SAPAGKA'T,** ang pagbibigay ng pabahay ng pamahalaang bayan ay itinatadhan ng Urban Development and Housing Act (UDHA) ng 1992 na kilala rin bilang Batas Republika Blg. 7279;

**SAPAGKA'T,** ang UHDA ay naglalatag ng mga patakaran, alituntunin at mekanismo para sa mga programa sa urbanisasyon at pabahay, kasama ang pagbibigay ng abot-kayang pabahay;

**SAPAGKA'T**, sa ilalim ng UDHA, ang mga lokal na yunit ng pamahalaan (LGUs), kabilang ang mga bayan, ay mandato na maghanda at ipatupad ang mga malawakang plano sa paggamit ng lupa at mga programa sa pabahay upang matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay ng kanilang mga nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, kasama rito ang pagbuo ng lokal na plano sa pabahay na nagtatakda ng mga prayoridad na proyekto sa pabahay, mga estratehiya para sa sosyalisadong pabahay, at mekanismo para sa abot-kayang pabahay para sa mga pamilyang may mababang kita.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN
BAKURAN NG BAHAY PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN
044 761 0069 | 11thsbbustos@gmail.com | www.facebook.com/11thSangguniangBayanngBustos/

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Local Shelter Plan ng Bayan ng Bustos, Bulacan para sa taong 2023-2025.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-5 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim